| GRADES 1 to 12<br>DETAILED LESSON PLAN | School: | | Grade Level: | VI |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | File Created by DepEd Click | Learning Area: | ARALING PANLIPUNAN |
| | Teaching Dates and Time: | OCTOBER 10-14, 2022 (WEEK 8) | Quarter: | 1$^{ST}$ QUARTER |

| | LUNES | MARTES | MIYERKOLES<br>HUWEBES BIYERNES | HUWEBES | BIYERNES |
|---|---|---|---|---|---|
| **I. Layunin** | | | | | |

| | |
|---|---|
| **Pamantayang Nilalaman (Content Standard)** | Naipapamalas ng mapanuring pag-unawa at kaalaman sa bahagi ng Pilipinas sa globalisasyon batay sa lokasyon nito sa mundo gamit ang mga kasanayang pangheograpiya at ang ambag ng malayang kaisipan sa pag-usbong ng nasyonalismong Pilipini. |
| **Pamantayan sa Pagganap (Performance Standard)** | Naipapamalas ang pagpapahalaga sa kontribusyon ng Pilipinas sa isyung pandaigdig batay sa lokasyon nito sa mundo |
| **Pamantayan sa Pagkatuto (MELC)** | Nabibigyang halaga ang mga kontribusyon ng mga natatanging Pilipinong nakipaglaban para sa kalayaan |
| **Paksang Aralin (Subject Matter)** | Ang mga Natatanging Pilipino at ang Kanilang Kontribusyon para sa Kalayaan<br><br>1. maiisa-isa ang mga ambag ng mga natatanging bayani sa La Liga Filipina, Katipunan, at sa Himagsikang 1896;<br>2. malalaman ang buhay ng mga natatanging bayani bago pa man sila lumaban para sa bayan;<br>3. makikilala sina Dr. Jose P. Rizal, Marcelo H. del Pilar, Andres Bonifacio, Melchora Aquino, at Emilio Aguinaldo;<br>4. mabibigyang-halaga ang mga kontribusyon ng mga natatanging bayani na lumaban sa kalayaan; at<br>5. maiisa-isa ang mga kaganapan sa buhay ng mga natatanging bayani. |
| **Gamitang Panturo (Learning Resources)** | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Pamamaraan (Procedure)** | | | | | |
| | **SUBUKIN**<br><br>Panuto: Basahin ng mabuti. Bilugan ang letra ng tamang sagot at isulat sa sagutang-papel.<br>1. Kailan natapos ang ginawang nobela na | **TUKLASIN**<br><br>Kilala mo ba sila? Ano-ano kaya ang kontribusyon nila sa pagkamit ng kalayaan ng Pilipinas? Itinaya nila ang kanilang buhay para sa bayan kaya dapat lang na bigyan natin ng halaga ang buhay nila. | **PAGYAMANIN**<br><br>Panuto: Punan ang patlang ng tamang sagot. Piliin sa loob ng kahon ang tamang sagot. Isulat ito sa sagutang-papel.<br>19 Hunyo 1861 — Comodoore George Dewey — Layuning Moral<br>Andres Bonifacio — Melchora Aquino — Sandugo<br>12 Marso 1869 — Dr. Jose P. Rizal — 30 Agosto 1850<br>7 Hulyo 1892 | **ISAGAWA**<br><br>Kung ikaw ay mabibigyan ng pagkakataon na ipamalas ang pagmamahal sa bayan, ano-ano ba ang maaari mong gawin? Malaki ang naging ambag ng mga bayaning nagbuwis ng buhay para sa | **TAYAHIN**<br><br>Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang mga bayaning gumanap ng natatanging kontribusyon sa pagkamit ng kalayaan. Isulat ang letra ng tamang sagot. Isulat ito sa sagutang-papel.<br>A. Dr. Jose P. Rizal<br>B. Marcelo H. del Pilar — C. Melchora Aquino<br>D. Andres Bonifacio — E. Emilio Aguinaldo |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>Noli Me Tangere ni Dr. Jose P. Rizal sa Madrid?<br>A. Pebrero 21, 1887<br>B. Hunyo 3, 1892<br>C. Pebrero 4, 1899<br>D. Hulyo 6, 1892<br>2. Sino ang manunulat at abogado na kasama ni Rizal sa samahang La Liga Filipina?<br>A. Graciano Lopez Jaena<br>B. Marcelo H. del Pilar<br>C. Juan Luna<br>D. Andres Bonifacio<br>3. Kailan ang petsa ng pagbaril kay Dr. Jose P. Rizal sa Luneta?<br>A. Disyembre 27, 1896<br>B. Disyembre 15, 1896<br>C. Disyembre 30, 1896<br>D. Disyembre 29, 1896<br>4. Kailan itinatag ang Katipunan sa pangunguna ni Andres Bonifacio pagkatapos na mabuwag ang La Liga Filipina at ipinatapon si Rizal sa Dapitan?<br>A. Hunyo 5, 1892<br>B. Hunyo 8, 1892<br>C. Hulyo 7, 1892<br>D. Hulyo 6, 1892<br>5. Ano ang dahilan ng kilusang KKK?<br>A. walang reporma na ipinatupad ang mga Español<br>B. kawalan ng hustisya at kalupitan ng mga guwardiya sibil</td>
<td></td>
<td>________<br>1. Sentro ng kabutihang asal, pagpapatibay ng kalooban, wastong pag-uugali ng bawat miyembro, malinis na kalooban upang maabot ang adhikain ng samahan.<br>________<br>2. Pinuno ng hukbong Amerikano na naging daan na tumulong kay Emilio Aguinaldo na makabalik sa Pilipinas.<br>________<br>3. Petsa ng kapanganakan ni Dr. Jose P. Rizal.<br>________<br>4. Petsa ng kapanganakan ni Marcelo H. del Pilar.<br>________<br>5. Siya ay may angking pambihirang talino, isang manunulat, magsasaka, manggagamot, siyentipiko, makata, imbentor, iskultor, inhinyero, kuwentista, at linguwista.<br>________<br>6. Siya ay nagkaroon ng isang malalim na interes sa pagbabasa ng mga libro sa French Revolution at ang mga buhay ng mga presidente ng Estados Unidos.<br>________<br>7. Kilala sa tawag na “Tandang Sora” sa pag-aalaga ng mga sugatang mga katipunero sa panahon ng rebolusyon.<br>________<br>8. Petsa ng kapanganakan ni Emilo Aguinaldo.<br>________<br>9. Petsa ng pagtatag ng samahang KKK ni Andres Bonifacio.</td>
<td>ating bayan, gusto mo rin bang tularan ang mga bayani natin? sa anong paraan kaya? Panuto: Isulat mo sa kahon ang iyong sagot. Gawin ito sa sagutang-papel.<br><br>Ang mga Pamaraan na Maipakita ko ang Pagmamahal sa Bayan<br>1.<br>2.<br>3.<br><br>4.<br>5.<br>6.<br>7.<br>8.<br>9.<br>10.</td>
<td>__________<br>1. Itinatag ang Konstitusyon ng Malolos sa Malolos, Bulacan.<br>__________<br>2. Ideneklara niya ang kalayaan ng iwinagayway niya ang watawat ng Pilipinas sa kaniyang bahay sa Kawit, Cavite.<br>__________<br>3. Siya ay isang Pilipinong rebolusyonaryo at bayani na nagtatag ng Kataastaasan Kagalanggalang na Katipunan ng mga Anak ng Bayan (KKK) o Katipunan.<br>__________<br>4. Nagtatag ng samahang La Liga Filipina.<br>__________<br>5. Manunulat at abogado na kasama ni Rizal sa samahang La Liga Filipina.<br>__________<br>6. Sumulat ng nobelang Noli Me Tangere at El Filibusterismo.<br>__________<br>7. Bahay niya ang naging pagamutan ng mga katipunero at naging lugar sa pagpupulong sa panahon ng himagsikan.<br>__________<br>8. Isinabuhay niya ang mga aral ng Katipunan na kaniyang isinikap na pagyamanin.<br>__________<br>9. Utak ng mga kilusang nagpalaya sa Pilipinas at pinakamatapang na Propagandista.<br>__________<br>10. Siya ay nanawagan para sa pantay na pagtrato sa mga Pilipino, sa paglilimita sa kapangyarihan ng mga Kastilang Español at representasyon para sa Pilipinas sa korte ng España.</td>
</tr>
</table>

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | C. limitado ang edukasyon<br>D. lahat ng nabanggit ay tama<br>6. Si Melchora Aquino ay kilala sa tawag na _______________.<br>A. Ina ng Balintawak<br>B. Ina ng Katipunan<br>C. Tandang Sora<br>D. lahat ng nabanggit ay tama<br>7. Kailan bumalik sa Pilipinas si Melchora Aquino noong ipinatapon siya sa Isla ng Marianas?<br>A. Pebrero 21, 1903<br>B. Pebrero 22, 1903<br>C. Pebrero 23, 1903<br>D. Pebrero 24, 1903<br>8. Anong uri ng hangarin ng Katipunan na palayain ang Pilipinas sa mga Español sa pagsasagawa ng isang armadong himagsikan tungo sa pagbuo ng isang bansang malaya?<br>A. Layuning Pampulitika<br>B. Layuning Pansibika<br>C. Layuning Moral<br>D. Layuning Agham<br>9. Ano ang naging importanteng lokasyon ng rebolusyon na dito nanalo ang Magdalo sa maraming labanan kontra Español?<br>A. Bulacan | | _______<br>10. Ang mga kasapi ay pumirma mula sa dugo ng kanilang mga bisig. | | |

B. Laguna
C. Cavite
D. Batangas

10. Sino ang tinawag na Supremo ng Katipunan?
A. Apolinario Mabini
B. Emilio Jacinto
C. Andres Bonifacio
D. Emilio Aguinaldo

**BALIKAN**

Panuto: Sagutin ng TAMA o MALI. Isulat sa sagutang-papel ang tamang sagot.

_________ 1. Hindi kinilala ng mga Amerikano at iba pang dayuhang bansa ang Unang Republika ng Pilipinas.

_________ 2. Noong Pebrero 24, 1898 pinasinayaan ang Unang Republika ng Pilipinas sa Malolos, Bulacan.

_________ 3. Hindi pormal na ipinagkaloob ng España ang Pilipinas sa Amerika.

_________ 4. Lubos ang pagtanggap ng mga Pilipino sa kanilang pangulo na si Emilio Aguinaldo at ang kapangyarihan ng Republika ng Pilipinas.

_________ 5. Nilusob ng mga Amerikano ang hukbo ng mga Pilipino

**SURIIN**

**Mga Natatanging Pilipino na Lumaban sa Kalayaan**



Si **Dr. Jose P. Rizal** (na may buong pangalang Jose Protacio Rizal Mercado y Alonso Realonda) na ipinanganak noong Hunyo 19, 1861 ay ang Pambansang Bayani ng Pilipinas na lumaban sa mga Español sa pamamagitan ng kaniyang mga nobelang Noli Me Tangere at El Filibusterismo noong panahon ng pananakop ng España sa bansa.

Siya ay may angking pambihirang talino, isang manunulat, at isa ring magsasaka, manggagamot, siyentipiko, makata, imbentor, iskultor, inhinyero, kuwentista, lingguwista, at may kaalaman sa arkitektura, kartograpiya, ekonomiya, antropolohiya, iktolohiya, etnolohiya, agrikultura, musika (marunong siyang tumugtog ng plawta), sining sa pakikipaglaban (martial arts), at pag-eeskrima.

Ang palayaw na tawag kay Jose Rizal ay Pepe. Siya ang ika-pito sa labing-isang anak nina Francisco Engracio Rizal Mercado y Alejandro at Teodora Morales Alonso Realonda y Quintos. Si Francisco Engracio Rizal Mercado y Alejandro na kaniyang ama ay kabilang sa ika-apat na henerasyong apo ni Domingo Lam-co, isang Tsinong mangangalakal na naglayag sa Pilipinas mula sa Jinjiang, Quanzhou noong kalagitnaan ng ika-labimpitong siglo. Si Lam-co ay nakapag-asawa ng isang Pilipina sa katauhan ni Inez de la Rosa at upang makaiwas sa hostilidad ng mga Español para sa mga Intsik ay pinalitan niya ang kaniyang apelyido ng "Mercado" (pangangalakal).

Habang nasa Europa, naging bahagi si Jose Rizal ng Kilusang Propaganda, na kumukunekta sa ibang mga Pilipino na nagnanais ng reporma. Isinulat din niya ang kaniyang unang nobela, ang Noli Me Tangere na natapos niya noong Pebrero 21, 1887. Ito ay isang aklat tungkol sa madilim na aspeto ng kolonyal na paghahari ng España sa Pilipinas, partikular na pinagtuunan dito ang papel ng mga Katolikong prayle.

Nagbalik si Rizal sa Europa at patuloy na nagsulat. Sa panahong ito ay inilabas niya ang kaniyang sumunod na nobela, ang El Filibusterismo (Ang Paghahari ng Kasakiman) noong 1891. Naglathala rin siya ng mga artikulo sa La Solidaridad, isang pahayagan na nakahanay sa layunin ng Propaganda. Sa mga reporma na itinaguyod ni Rizal ay hindi kasama ang kalayaan ng Pilipinas sa España. Siya ay nanawagan para sa pantay na pagtrato sa mga Pilipino, sa paglilimita sa kapangyarihan ng mga Español at representasyon para sa Pilipinas sa korte ng España.

Nagbalik si Rizal sa Pilipinas noong 1892 dahil nararamdaman niya na kailangan siya ng bansa para sa pagbabago. Kahit na itinatag niya ang La Liga Filipina, suportado ni Rizal ang di-marahas na aksyon. Ngunit hindi ito sapat, dahil naniniwala ang mga Español na isa siyang malaking banta at naging dahilan upang ipatapon siya sa Dapitan, sa isla ng Mindanao.

Noong 1895, hiniling ni Rizal na magpunta sa Cuba bilang isang hukbong doktor. Ang kaniyang kahilingan ay naaprubahan, ngunit noong Agosto 1896, ang Katipunan, isang nasyonalistang lipunang Pilipino na itinatag ni Andres Bonifacio, ay nagrebolusyon. Bagaman wala siyang kaugnayan sa grupo, at hindi niya aprubado ang marahas na pamamaraan, si Rizal ay inaresto at ikinulong.

Matapos ang isang paglilitis, si Rizal ay nahatulan ng sedisyon at sinentensiyahan ng kamatayan sa pamamagitan ng **firing squad**. Isinagawa ang pampublikong pagpatay kay Rizal sa Maynila noong Disyembre 30, 1896, noong siya

**ISAISIP**

Ang mga bayani natin ay nag-iwan ng mga aral at halimbawa nang sila ay lumaban at nagbuwis ng buhay para sa ating kalayaan. Ipinamalas nila na ang pagmamahal sa tinubuang lupa at sariling lahi ay ang pinakadakilang anyo ng pag-ibig. Ikinintal nila sa ating mga isipan at damdamin na ang pagkakaroon ng sariling pamahalaan ay mahalagang salik ng pagkabansa – isang pamahalaang kinikilala, iginagalang, at ipinagmamalaki ng mga nasasakupan. Kaakibat ng pagtatatag ng sariling pamahalaan ay ang pagbalangkas ng saligang batas na magiging batayan ng mga alituntuning susundin ng mga mamamayan para sa ikabubuti ng lipunang kanilang ginagalawan. Naging inspirasyon ang mga bayani natin upang tayo ay mangarap at gumawa ng mga hakbang tungo sa mga repormang kinakailangan upang higit na mapagbuti ang kalagayan ng ating bansa. Ang pambansang

**Karagdagang Gawain**

Panuto: Isulat mo sa iyong sagutang-papel ang mga kontribusyon ng sumusunod na mga natatanging bayani at kung paano mo sila pahahalagahan.

| Mga Kontribusyon | Kahalagahan Nila |
|---|---|
| Dr. Jose P. Rizal | |
| a. | |
| b. | |
| Marcelo H. del Pilar | |
| a. | |
| b. | |
| Andres Bonifacio | |
| a. | |
| b. | |
| Melchora Aquino | |
| a. | |
| b. | |
| Emilio Aguinaldo | |
| a. | |
| b. | |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>pagkatapos nabaril at napatay ang isa sa apat na sundalong Pilipino.<br><br>__________<br>6. Si Heneral Antonio Luna ang namuno sa labanan sa Bulacan.<br><br>__________<br>7. Ang dakilang bayani ng Tirad Pass ay si Heneral Antonio Luna.<br><br>__________<br>8. Noong Marso 30, 1899 tuluyang bumagsak ang kabisera ng unang Republika sa Malolos.<br><br>__________<br>9. Sa pagkatalo ng mga Pilipino sa labanan sa Malolos, Bulacan ay lumipat si Aguinaldo sa San Fernando, Pampanga.<br><br>__________<br>10. Inilipat kaagad ni Aguinaldo sa La Union ang kabisera ng Republika matapos na mapasakamay ng mga Amerikano ang Malolos.</td>
<td>ay 35 taong gulang. Ang kaniyang kamatayan ay nagbunsod ng higit pang mga pagsalungat sa mga panuntunan ng España at naging hakbang upang makamit ng Pilipinas ang kalayaan mula sa mga Español noong 1898.<br><br><br><br>Si **Marcelo H. Del Pilar** ay isang propa-gandista at satiristang rebolusyonaryong Pilipino. Sinikap niyang itaguyod ang makabayang sentimyento ng mga ilustradong Pilipino, o burgesya, laban sa imperyalismong Español.<br><br>Si Marcelo Del Pilar ay ipinanganak sa Kupang, Bulacan, noong Agosto 30 1850 sa may pinag-aralang mga magulang.<br><br>Nag-aral siya sa Colegio de San Jose at sa bandang huli sa Unibersidad ng Santo Tomas, kung saan natapos niya ang kaniyang kursong abogasiya noong 1880. Sa kagustuhang makamit ang katarungan laban sa mga pang-aabuso ng mga pari, inatake ni Del Pilar ang pagkapanatiko at pagkukunwari at ipinagtanggol sa korte ang mga mahihirap na biktima ng diskriminasyon dahil sa kanilang lahi. Ipinangaral niya ang ebanghelyo ng trabaho, paggalang sa sarili, at dignidad sa kapuwa tao. Dahil sa kaniyang pagkadalubhasa sa Tagalog, ang kaniyang katutubong wika, ay nagawa niyang pukawin ang kamalayan ng masa para sa pagkakaisa at matagal na paglaban sa mga malulupit na Español.<br><br>Noong 1882 itinatag ni Del Pilar ang pahayagan na Diariong Tagalog upang ipalaganap ang mga demokratikong liberal na ideya sa mga magsasaka at magbubukid. Noong 1888, ipinagtanggol niya ang mga kasulatan ni Jose Rizal sa pamamagitan ng pagbibigay ng polyeto laban sa pag-atake ng isang pari, na nagpapakita ng kaniyang matalas na pag-iisip at malupit na panlilibak sa mga kahangalan ng mga pari.<br><br>Noong 1888, tumakas mula sa pag-uusig ng mga pari si Del Pilar at pumunta sa España. Noong Disyembre 1889, pinalitan niya si Graciano Lopez Jaena bilang editor ng La Solidaridad, isang pahayagan ng mga repormistang Pilipino sa Madrid. Itinaguyod niya ang mga layunin ng pahayagan sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay sa mga liberal na Español na pumapanig sa kapakanan ng mga Pilipino. Sa ilalim ni Del Pilar, ang mga layunin ng pahayagan ay pinalawak upang isama ang pagtanggal ng mga prayle at ang sekularisasyon ng mga parokya; aktibong pagsali ng mga Pilipino sa mga gawain ng pamahalaan; kalayaan sa pagsasalita, ng pamamahayag at ng pagpupulong; mas malawak na kalayaan sa lipunan at pampolitika; pagkakapantay-pantay sa harap ng batas; asimilasyon; at representasyon sa Español Cortes o Parlyamento.<br><br>Ang paghihirap ni Del Pilar ay nadagdagan sa kadahilanang naubos ang pera na sumusuporta sa pahayagan at walang anumang palatandaan ng agarang tugon mula sa makapangyarihang Español. Bago siya namatay dahil sa tuberculosis na dulot ng kagutuman at napakalaking kawalan, tinanggihan ni Del Pilar ang posisyon<br><br>ng mga gusto ng asimilasyon o paglagom at magsimulang magplano ng isang armadong pag-aalsa. Malakas niyang pinagtibay ang paniniwala na ito: *"Ang paghihimagsik ay ang huling lunas, lalo na kapag ang mga tao ay naniniwala na ang mapayapang paraan ay walang saysay upang masiguro ang mga lunas sa kasamaan."*<br><br>Ang ideyang ito ay naging inspirasyon ng Katipunan ni Andres Bonifacio, isang lihim na rebolusyonaryong organisasyon. Namatay si Del Pilar sa Barcelona noong Hulyo 4, 1896.<br><br><br><br>Si **Andres Bonifacio** ay ipinanganak noong Nobyembre 30, 1863 sa Tondo, Lungsod ng Maynila. Ang kaniyang mga magulang ay sina Santiago Bonifacio at Catalina de Castro. Siya ay isang Pilipinong rebolusyonaryo at bayani na nagtatag ng Kataastaasan Kagalanggalang na Katipunan ng mga Anak ng Bayan (KKK) o Katipunan, isang lihim na lipunan na nakatuon sa pakikipaglaban sa mga Español na sumakop sa Pilipinas. Siya ay kinikilalang "Ama ng Himagsikan at Rebolusyong Pilipino" at kilala sa tawag na "Supremo."<br><br>Si Bonifacio ay hindi ipinanganak na mahirap. Ang kaniyang ina ay half-Spanish at may sarili siyang tagaturo. Ngunit hindi naging madali sa kaniya ang buhay nang pumanaw ang kaniyang mga magulang noong 14 na taong gulang siya dahilan upang matigil siya sa kaniyang pag-aaral. Sa kabila ng kaniyang kakulangan sa pormal na edukasyon, tinuruan niya ang kaniyang sarili na magbasa at magsulat sa wikang Español at Tagalog, na naging dahilan upang makakuha siya ng trabaho bilang clerk-messenger sa isang kompanyang Aleman.<br><br>Sinasabing interesado si Bonifacio sa klasikong kanluraning rasyonalismo at mahilig magbasa ng mga gawa nina Victor Hugo, Jose Rizal, at Eugene Sue. Siya ay nagkaroon ng isang malalim na interes sa pagbabasa ng mga libro sa French Revolution at ang mga buhay ng mga presidente ng Estados Unidos dahilan upang makakuha siya ng isang mahusay na pag-unawa sa mga socio-historical na proseso. Ang kaniyang hangarin na mabago ang kalagayan ng kaniyang mga kababayan sa ilalim ng kolonyalismo ang nagbigay daan sa pagsali niya sa La Liga Filipina. Ang La Liga Filipina ay itinatag ni Jose Rizal noong Hulyo 3, 1892 sa layuning pagkaisahin ang mga Pilipino upang makapagsimula ng reporma, maayos na edukasyon, kooperasyon, at pagbuo ng bansa.<br><br>Apat na araw pagkatapos ng pagkatatag ng Liga, noong Hulyo 7, 1892, itinuloy ni Andres Bonifacio ang pakikibaka at nabuo ang Kataastaasan Kagalanggalang na Katipunan ng mga Anak ng Bayan (KKK) o Katipunan sa bahay ni Deodato Arellano sa Calle Azcarraga, Maynila.<br><br>Sa isang maliiit na kuwartong naiilawan lamang ng isang lampara isinagawa ang sandugo kung saan ang mga kasapi ay pumirma mula sa dugo ng kanilang mga</td>
<td>bayaning tulad ni Dr. Jose P. Rizal ay nagpakita nang kagitingan sa pagsusulat ng mga hangarin niya sa bayan at makapag-ambag sa mga adhikaing isinusulong para sa kabutihan ng bayan. Si Tandang Sora naman ay hindi ininda ang katandaan sa paglilingkod sa kapuwa Pilipino. Kung sina Rizal, Marcelo H. del Pilar, at iba pang mga propagandista ay gumamit ng pluma at papel sa pakikipaglaban, ipinamalas naman ni Bonifacio na ang kakapusan ng mataas na antas ng edukasyon ay hindi makapigil sa pag-usbong ng damdaming makabayan. Ginamit naman ni Emilio Aguinaldo at mga Katipunero ang kanilang lakas upang ipaglaban ang ating kalayaan. Nakita natin sa ating mga bayani ang pagnanais na makawala sa gapos ng pananakop kahit na magkakaiba sila ng pamamaraan ng paglaban. Iisa ang kanilang layunin, ang kalayaan ng ating bansa.</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
</table>

bisig na sumisimbolo sa kapanganakan ng Katipunan. Ang sandugo ay isang pangako rin ng pag-ibig at kapatiran sa bawat kababayan. Naniniwala ang mga Katipunero na makakamit lamang ang tunay na kaginhawaan at kalayaan kung ang mga tao ay may mabuting kalooban para sa bawat isa. Dahil dito, ang Katipunan ay hindi lamang isang organisasyong may layuning patalsikin ang imperyong Español, ngunit nais nito ang tunay na pagkakaisa sa isip at puso ng mga Tagalog sa ilalim ng isang Inang Bayan na naghahanap ng maliwanag at tuwid na landas.

Pagkatapos ng dalawang Supremo ay sumang-ayon sa wakas ang mapagpakumbabang si Bonifacio na maging Supremo ng Katipunan. Layunin ng samahang ito ang magkaisa ang bayan upang palayain ang Pilipinas laban sa España sa pamamagitan ng himagsikan.

Nang sumiklab ang himagsikan noong 1896, ang mga katipunero ay may layuning ipinapatupad. Una, ang Layuning Pampolitika na hinahangad ang kalayaan sa isasagawang armadong himagsikan; pangalawa, ang Layuning Sibika na mapalaganap ang katarungang panlipunan sa pamamagitan ng pagtatanggol sa mga naaapi at parusa sa mga mang-aapi o pagtulong sa kapuwa; at pangatlo, ang Layuning Moral na sentro ang kabutihang asal, pagpapatibay ng kalayaan, wastong pag-uugali ng bawat miyembro, at malinis ang kalooban upang maabot ang kabutihan ng samahan.

Noong Agosto 30, 1896, pinamunuan ni Andres Bonifacio at Emilio Jacinto ang pagsalakay sa El Polvorin sa San Juan na siyang imbakan ng pulbura at istasyon ng tubig. Bagamat ang lugar na ito ay maiging binabantayan ng mga armado at bihasang kawal ng Español, nagawa itong makuha ng mga Katipunero. Higit sa 150 na mga Katipunero ang nasawi sa laban, ngunit ang balita ng kanilang tagumpay ay umalingawngaw sa buong archipelago. Ang bayan ng San Juan del Monte ay naging isang pambansang simbolo ng pagkakaisa, kalayaan at isang banal na lugar ng lakas ng loob ng mga Pilipino.



Si **Melchora Aquino** o mas kilala sa tawag na "Tandang Sora," "Ina ng Katipunan," "Ina ng Himagsikan," at "Ina ng Balintawak" ay ipinanganak noong Enero 6, 1812. Siya ay isa sa bayaning Pilipino na dapat hangaan. Siya ay galing sa mahirap na pamilya at hindi nakapag-aral. Sa pamamagitan ng sariling sikap ay tinulungan niya ang kaniyang sarili na magbasa at sumulat. Pinalaki niya ng mag-isa ang anim na anak. Pitong taon pa lamang noon ang kaniyang ika-pitong anak nang namatay ang kaniyang asawa na si Fulgencio de Ramos na isang Cabeza de Barangay.

Sa edad na 84 taon naipakita niya ang kaniyang kabayanihan sa panahon ng rebolusyon noong 1896. Sinikap niyang makatulong sa mga Pilipinong nakipaglaban sa mga mapang-aping Español. Ang mga katipunerong nakipaglaban sa bansa ay sa kaniyang bahay nagpulong. Naging pagamutan din ang bahay niya ng mga sugatang katipunero. Ginamot sila at inalagaan na parang tunay niyang mga anak. Nang malaman ng mga Español ang ginawa niyang pagtulong sa mga katipunero ay pinilit siyang magsalita laban sa Katipunan.

Hindi nagsalita laban sa mga kapuwang Pilipino si Melchora Aquino kaya ipinadakip siya ng mga Español at ipinatapon sa isla ng Marianas. Bumalik lamang siya sa Pilipinas noong Pebrero 23, 1903, sa panahong natalo ng mga Amerikano ang mga Español. Namatay siya sa edad na 107 noong Pebrero 19, 1919. Dahil sa kaniyang kabayanihan, ipinangalang "Tandang Sora" ang isang lugar sa lungsod ng Quezon sa ngayon.



Si **Emilio Aguinaldo**, ang pinakabatang heneral na naging pangulo ng Republika ng Pilipinas at siya ay ipinanganak noong Marso 12, 1869. Isa siya sa bayaning nakibaka para sa kasarinlan ng Pilipinas laban sa mga Español at Amerikano. Ang kaniyang mga magulang ay sina Don Carlos Aguinaldo na isang Gobernadorcillo at Trinidad Famy. Ika-pito sa walong magkakapatid, nag-aral siya ng elementarya at sekondarya sa Colegio de San Juan de Letran ngunit huminto ng pag-aaral ng namatay ang kaniyang ama noong nagkaroon ng Cholera Outbreak taong 1882.

Sa kaniyang pagsisikap ay nakitaan siya ng pagkapolitiko kaya siya ay naging cabeza de barangay ng Cavite noong 1894. Sumali siya sa Katipunan, ang samahan na pinamumunuan ni Andres Bonifacio, at dito siya ay naging pinuno ng kampong Magdalo. Naging importanteng lokasyon ang Cavite ng rebolusyon dahil dito nanalo ang Magdalo sa maraming labanan laban sa España. Nagkaroon ng malaking agwat at nagkaalitan ang dalawang kampong Magdalo at Magdiwang. Dito na namagitan ang pinuno na si Andres Bonifacio at nahalal bilang pangulo si Aguinaldo habang nasa mababang posisyon si Andres Bonifacio bilang Ministro ng Interyor. Dito na nagalit si Andres Bonifacio at pinawalang-bisa ang eleksiyon. Sa utos ni Aguinaldo, ipinahuli niya si Bonifacio kasama ang kapatid nito na si Procopio at hinatulan ng pagtataksil at sinintensiyahan ng parusang kamatayan. Pagkatapos ng pangyayaring ito, napilitan si Aguinaldo na lumikas patungong Hong Kong matapos pinirmahan ang Kasunduan sa Biak-na-Bato.

Si Commodore George Dewey ang naging daan ng pagbabalik ni Aguinaldo sa Pilipinas. Bumalik siya sa kaniyang posisyon at tuluyang lumaban sa mga Español noong Mayo 19, 1898. Noong Hunyo 12, 1898 ideneklara niya ang kalayaan ng Pilipinas nang iwinagayway niya ang watawat ng Pilipinas sa kaniyang bahay sa Kawit, Cavite at sumuko ang mga Español sa Amerika. Noong Enero 21, 1899 itinatag niya ang Malolos Constitution sa Malolos, Bulacan. Noong Pebrero 4, 1899, binaril ng sundalong Amerikano ang sundalong Pilipino sa kalye Silencio at Sociego, Sta. Mesa, Manila. Dito na nagsimula ang hudyat ng digmaang Pilipino-Amerikano. Nagsimula ang labanan sa pagitan ng mga Pilipino at Amerikano. Si Pangulong Emilio Aguinaldo ay tumakas ng siya ay bantang dadakpin ng mga Amerikano. Nagbuwis ng buhay ang maraming heneral na Pilipino sa pagtago sa kay Aguinaldo.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | |
| **Remarks** | | | | | |
| **Reflection** | | | | | |
| **a. No. of learners for application or remediation** | | | | | |
| **b. No. of learners who require additional activities for remediation who scored below 80%** | | | | | |
| **c. Did the remedial lessons work? No. of learners who have caught up with the lesson** | | | | | |
| **d. No. of learners who continue to require remediation** | | | | | |
| **e. Which of my teaching strategies worked well? Why did these work?** | | | | | |
| **f. What difficulties did I encounter which my principal or supervisor can help me solve?** | | | | | |
| **g. What innovation or localized materials did I use/discover which I wish to share with other teachers?** | | | | | |